
| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | *Credits to the Writer of this DLL* | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | MARCH 27-31, 2023 (WEEK 7) | Quarter: | 3RD QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>Napauunlad ang kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ang mga hakbang o panutong napakinggan.<br>Nakapagbibigay ng isang panuto.<br>Nakabubuo ng isang nakalarawang balangkas.<br>Nakagagawa ng nakalarawang balangkas upang maipakita ang nakalap na datos o impormasyon.<br>Nakasusulat ng isang talambuhay at orihinal na tula.<br>Nakagagawa ng isang suringpapel tungkol sa pinanood.<br>Napapahalagan ang wika at panitikan sa pamamagitan ng pagsali sa usapan at talakayan, paghiram sa aklatan, pagkukuwento , pagsulat ng tula at kuwento. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat and code ng bawat kasanayan** | Nabibigyang kahulugan ang kilos ng mga tauhan sa napakinggang kuwento.<br>F6PN-IIIf-19 | Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwayson.<br>-pagpapahayag ng ideya<br>**F6PS-IIIf-12.19** | Nagagamit ang iba't ibang salita bilang pang-uri at pang-abay sa pagpapahayag ng sariling ideya.<br>**F6WG-IIId-f-9** | Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at dipamilyar na salita sa pamamagitan ng paglalarawan.<br>**F6PT-IIIf-1.13** | Nakapagbibigay ng sariling hinuha bago, habang at matapos ang pagbasa.<br>**F6PB-IIIf-24** |
| **II. NILALAMAN** | Pagbibigay kahulugan sa kilos ng tauhan sa napakinggang kuwento | Paggamit ng Magagalang na Pananalita sa Pagsasabi ng Ideya sa Isang Isyu<br>"Ang Batang Magalang"<br>"Katangi-tanging Ugali" | Paggamit ang pang-abay at pang-uri sa paglalarawan | Pagbibigay ng Kahulugan sa Salitang Pamilyar at Di- Pamilyar sa Pamamagitan ng Paglalarawan. | Pagbigay Hinuha |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **1. Mga pahina ng Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga pahina ng Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resources (LR)** | Filipino 6-DLP 42-Pagbibigay ng Kahulugan sa Kilos, Gawi at Pananalita ng Tauhan | | | | Filipino 6 – DLP 57- Pagbibigay Hinuha |
| **B. Iba pang kagamitang panturo** | | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | Subukin Natin<br>Basahin at unawain ang bawat pananalita ng mga sumusunod na tauhan at sabihin kung ano ang kahulugan nito:<br>Jochebed: Lumalaki na si Moises at hindi na natin siya maitatago sa mga kawal ng hari, kailangang gagawa tayo ng paraan.<br>Meriam: Naku! Inay, baka malunod ang sasakyang basket ni Moises sa tubig at malunod siya.<br>Prinsesa: Napakagandang sanggol! Aampunin ko siya.<br>Kopyahin sa kuwaderno at isulat sa patlang ang sagot.<br>Jochebed - ____________________<br>Meriam - ____________________<br>Prinsesa - ____________________ | 1. Anu-ano ang mga pangkalahatang sanggunian?<br>2. Ano ang kahalagahan na malaman mo ang pagkakaiba-iba ng mga ito? | Kumuha ng kapareha. Ang bawat magkapareha ay bubunot ng isang salita at gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na salita ?<br>1. matiyaga<br>2. mataimtim<br>3. maliksi<br>4. malakas<br>5. magaling | (Passing the Ball)<br><br>Panuto: Ibigay ang kasalungat na kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap.<br><br>1. Mga unang tao ang mga Negrito. (Huling)<br>2. Watak – watak ang katutubong tribo.(Sama – sama)<br>3. Pandak ang mga ito. (Maliit)<br>4. Malapit sa dagat at ilog ang tirahan. (Malayo)<br>5. Nagpauli – uli sa paligid ang mga kawal.(Nagpipirmi) | Subukin Natin<br>Basahin ang kwento. Magbigay ng hinuha sa mga pangyayari sa kwento. Sagutin lamang ang mga tanong pagkatapos basahin ang kwento.<br>Ang Kwento ni Lolo<br>Kung ang bawat isang may kakayahan ay gagawa ng kanyang takdang gawain, ano sa palagay ninyo ang magiging daigdig natin?<br>1. Ano sa palagay mo ang gagawin ng mga apo ni Lolo Juan sa poultry farm kinabukasan? Ipaliwanag.<br>2. Nag-usap nga kaya ang araro at asarol sa kwento ni Lolo Juan? Ano sa palagay mo?<br>3. Mahal ba ni Lolo ang mga apo niya? Bakit mo nasabi ito?<br>4. Mahal ba ng mga bata si Lolo Juan? Patunayan ang iyong sagot.<br>5. Bakit kailangang lumikha si Lolo Juan ng kwento para sa mga apo? |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | Pag-aralan Natin<br>Maaari ba nating maging kaibigan ang isang mabangis na hayop? Alamin sa kuwento kung paano naging magkaibigan si | Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pangungusap.<br>Opo. Natapos ko na po ang aking gawain.<br>Salamat po sa pagtulong ninyo sa akin.<br>Mga tanong: | Anong tawag sa salitang naglalarawan?<br>Ano ang pagkakaiba nang pang-abay sa pang-uri? | Kailan ipinagdiriwang ang kapistahan sa inyong bayan? Paano ninyo ito ipinagdiriwang?<br>Pagbasa sa kwentong, “Ang Kapistahan ng Hulong Dagat” | Pag-aralan Natin<br>Nakarinig ka na ba ng mga kwento tungkol sa mga engkantada? Narito ang isang kwento tungkol sa mga |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Androcles at ang Leon at kung ano ang naging bunga ng kanilang pagkakaibigan. | 1. Anong mabuting ugali ang ipinapakita sa mga pangungusap na ito?<br>2. Paano maipakikita ang pagiging magalang? | | (Nasa aklat na Filipino, Yaman ng Lahing Kayumanggi 5 ph. 14 – 15.) | engkantada. Basahin mo. Ngunit bago mo basahin alamin mo muna ang kahulugan ng ilang mahihirap na salitang mababasa mo sa kwento.<br>1. bahay-kalakal - tindahan o gusaling pangnegosyo<br>2. laman-lupa - mahiwagang nuno na nakatira sa ilalim ng lupa<br>3. dapit-hapon - bago maghapon o oras na palubog na ang araw<br>4. kapit-bisig - tulung-tulong<br>5. takip-silim - dakong ikaanim ng gabi |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Si Androcles at ang Leon<br>Pinaikling Kwento<br>Mga Tauhan:<br>Androcles<br>Emperador<br>Tatlong Sundalo<br>Tagapagsalaysay<br><br>Tagapagsalaysay: Si Androcles ay isang aliping tumakas mula sa piitan niya sa Roma. Nagtatago siya sa kagubatan. Isang Araw habang siya ay naglalakad, may nakita siyang isang leong umaatungal sa sakit. Hindi na inisip ni Androcles ang bangis ng leon. Agad niya itong nilapitan.<br>Androcles: Kawawa ka naman. May tinik palang nakabaon sa paa mo. Huwag kang gagalaw at bubunutin ko ang tinik. (Binunot nga ni Androcles ang tinik.) | Pangkating ang klase sa limang grupo. Ipakita nila kung paano ang pagiging magalang sa pakikipagusap sa mga nakatatanda.<br><br>Pangkat 1 : Dula-dulaan<br>Pangkat 2 : Kanta<br>Pangkat 3 : Tula<br>Pangkat 4 : Sabayang Bigkas<br>Pangkat 5 : Mime (Pag-arte ng walang anumang tunog)<br>Maraming paraan ng pagpapakita ng paggalang. Ito ay ginagamit sa iba't ibang pagkakataon tulad ng pagbati, pagtatanong, paghingi ng pahintulot, at iba pa. | Pansinin ang mga salitang may salungguhit .<br>1. Mabait siyang bata.Ang salitang mabait ay pang-uri .Ang bata ay pangalan.<br>2. Tunay na mabait si Jesriel.Ang tunay ay pang-abay. Ang mabait ay pang-uri.<br>3._______Lubhang mabagal kumilos yung isa,si Ann.Ang mga salitang lubhang at mabagal ay kapwa pang-abay at ang kumilos ay pandiwa. | 1. Tungkol saan ang kwentong inyong binasa? Saan matatagpuan ang Hulong Dagat?<br>(Sundan sa pahina 16 sa bahaging Isipin Mo.)<br>2. Balikan ang kwenting iyong binasa. Alin sa mga mahahalagang salita doon ang pamilyar at di – pamilyar sa inyo? | MGA ENGKANTADA NGA KAYA?<br>Sagutin:<br>1. Anu-anong magagandang katangian mayroon ang tatlong magkakapatid?<br>2. Nakatulong ba sa pagkaligtas sa kapahamakan ang pagiging masunurin nila?<br>3. Paano ipinakikilala ng mag-anak ang pananalig at pagtitiwala sa Panginoong Diyos?<br>4. Kung tinanggap kaya ng mga bata ang regalo ng babae, ano ang maaaring nangyari sa kanila?<br>5. Paano hinarap ng mag-anak ang kanilang problema?<br>6. Kung ikaw ay isa sa mga anak ni Mang Ramon, papayag ka bang doon pa rin tumira sa nayon matapos mong makita ang mga engkantada?<br>7. Ano ang ibig sabihin ng "Buhay na isang kahig, isang tuka"? Ipaliwanag. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Kailangan na lang nating bendahan ang sugat mo. (Pinunit niya ang kanyang kamisadentro at ginawang bendahe.) O sige, umalis ka na. (Tumalikod si Androcles subalit sumunod ang leon.) Bakit ka sumunod sa akin? (Nakatingin lamang ang leon na parang nagmamakaawa.)<br>Tagasalaysay: Matagal na nagsama si Androcles at ang leon. Tumulong pa nga ang leon sa paghahanap ng pagkain. Ngunit isang araw may dumating na mga sundalo sa gubat upang hanapin ang nawawalang alipin.<br>Unang Sundalo: Mabuti pa kaya ihinto na natin ang paghahanap. Wala siguro dito ang aliping iyon.<br>Pangalawang Sundalo: Hindi! Kabilin-bilinan ng Emperador na hulihin ang alipin. Hanggang hindi natin siya makikita, hindi tayo<br>hihinto.<br>Tagapagsalaysay: Dahan-dahan pumasok ang mga sundalo sa kweba kung saan natutulog si Androcles kaya madali itong nahuli. Iginapos na si Androcles nang biglang dumating ang leon. Sasakmalin na sana<br>ito ng sundalo nang biglang sumigaw si Androcles.<br>Androcles: Huwag po! Maawa kayo sa kanya hulihin n'yo na lang po siya ng lambat.<br>Unang Sundalo: Kung hinayaan mo sanang ipagtanggol ka ng iyong alaga, di sana ay nakatakas ka.<br>Androcles: Ayaw kong mapahamak ang leon dahil sa akin.<br>Mga Tanong:<br>1. Sinu-sino ang mga tauhan sa kwento?<br>2. Saan naganap ang kwento? | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 3. Bakit nagtatago si Androcles sa gubat?<br>4. Sa palagay mo mabuting tao ba si Androcles? Bakit?<br>5. Mabangis nga ba ang leon sa kwento? Bakit?<br>6. Sabihin ang katangian ng bawat tauhan:<br>a. Androcles<br>b. Unang Sundalo<br><br>c. Pangalawang Sundalo | | | | |
| **D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Sa unang tagpo, ano ang masasabi mo sa kilos at gawi ni Androcles nang binunot niya ang tinik sa paa ng leon? Hindi ba't masasabi mong siya ay taong may mabuting kalooban at maawain sa hayop. Ano ang pruweba mo bakit mo ito nasabi? Oo, dahil sa pananalita niya nang sabihin niya sa leon na ito ay kaawaawa.<br>Sa ikinilos ng leon habang ito ay iiwanan na sana ni Androcles, ano naman ang masasabi mo? Hindi ba't masasabi mong ito ay maamo at kaawaawa. Bakit naman? Dahil nakatingin lamang ito kay Androcles na parang nagmamakaawa. Ano naman ang kaibahan ng gawi ng una at pangalawang sundalo? Sino sa palagay mo ang determnado at ang sumusuko kaagad? Oo, iyong unang sundalo ay sumusuko kaagad habang ang pangalawang sundalo naman ay determinado at pursigidong tuparin ang utos ng Emperador.<br>Hindi ba't madali mong mabigyang kahulugan ang kilos, gawi at pananalita ng isang tauhan kung maiintindihan mo lamang ang iyong binasang kwento. Kaya nararapat na magkakaroon ka ng kakayahang umintindi sa binasa mo. Iyan ay mahalaga. | Ang Mga Magagalang na Salita<br>Ang pagpapakilala ay isang paraan ng pagkakaroon ng maraming kakilala at kaibigan. Isa pa rito, ito ay isa sa mga paraan kung saan maipakita mo ang wastong paggamit ng magagalang na pananalita sa pagpapakilala ng iyong sarili sa ibang tao.<br>Pag-usapan sa klase ang mga naunawaan nila sa narinig o binasa.a. Ipasagot ang mga tanong.<br>• Anong magandang ugali ang ating minana sa ating mga ninuno?<br>• Ano ang itinuturo ng mga magulang sa anak?<br>• Sino-sino ang ating dapat igalang?<br>• Ano-ano ang bagay na dapat igalang?<br>• Bakit dapat tayong maging magalang?<br>b. Ano kaya ang maaaring mangyari kung:<br>• Hindi tayo gagamit ng po at opo sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda o awtoridad?<br>• Hindi natin igagalang ang kaugalian, tradisyon at gawain ng mga Pilipino?<br>• Patuloy nating igagalang ang ala-ala ng ating mga bayani?<br>• Irerespesto natin ang bawat isa. | Ano ang pang –uri?<br>Ano nilalarawan ng pang –abay?<br>Ang pang-uri ay salitang naglalarawan sa pangalan at panghalip.<br>Ang pang-abay ay naglalarawan sa pandiwa,pang-uri at kapwa pang-abay<br><u>Gawin ninyo</u><br>Pangkatin ang klase at suriin ng bawat pangkat ang bawat pangungusap. Bilugan ang pang-abay na gingamit sa mga pangungusap.<br>1. Madalas siyang magkasakit.<br>2. Tunay na Masaya si Ana.<br>3. Patakbong sinalo niya ang bola.<br>4. Palihim na tumakas ang yaya.<br>5. Ubod ng bilis lumakad ang babae.<br>6. Mabagal kumilos ang bata<br><u>7</u>. Saksakan ng tamad si Juan.<br>8. Pasuray-suray tumakbo ang mama.<br>9. Mabilis na umakyat sa puno ang mga pusa.<br>10. Humihingal na nagsasalita ang guro. | (Pangkatang - gawain gamit ang activity cards)<br>A. Panuto: Piliiin sa loob ng panaklong ang kahulugan ng mga salitang pamilyar o di – pamilyar.<br>1. Inalok niyang bilhin ang sangang hugis puso.<br>(inangkin, isinama, ipinakiusap, inalis)<br>2. Parang paglapastangan iyon sa Poon.<br>(pagmamahal, paglabag, paggalang, pag – alipusta)<br>3. Nais ng lalaki na maangkin ang hugis krus na sanga ng punungkahoy.<br>(makuha, mawala, malipol, maipagmalaki)<br>4. Napagkaisahan ng mga mamamayan na putulin ang sangang hugis krus.<br>(nagsitutol, nag – away – away, napagkasunduan)<br>5. Benindisyunan ng pari ang punungkahoy.<br>(binasbasan, pinahintulutan, bininyagan, biniyayaan) | Narito ang pangyayari batay sa kwento. Subukan mong bigyan ng hinuha ang mga ito.<br>1. Tinanggap ng mga bata ang regalo ng babae.<br>2. Hindi sumunod ang mga bata sa bilin ng mga magulang. |


**E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2**

Gawin Natin
Hanapin sa kahon ang maaaring kahulugan ng sumusunod na kilos o gawi ng tauhan:

maligaya
patas
mapagmahal
nangangamba
malupit

________ 1. Idiniin ng madla si Kulas na siyang salarin kahit walang ebidensiya.
________ 2. Nag-aalangan ang hari na parusahan si Kulas.
________ 3. Umiyak ang ina at nakiusap sa hari na iligtas si Kulas.
________ 4. Hinanap ng Reyna ang makakapagsabi ng katotohanan.
________ 5. Nagpasalamat si Kulas sa hari sa pagwalangsala sa kanya.

Pagpangkat-pangkatin ang klase sa apat na grupo. Magsasadula sila ng mga sitwasyon na nagpapakita ng wastong paggamit ng magagalang na salita sa mga tao base sa isang isyu.



**Ang Batang Magalang**

Ang batang magalang, kinatutuwaan
Ng kapwa bata't maging matanda man.
Pag nasasalubong ang guro n'yang mahal,
Ngiti ng pagbati ang lagi niyang bigay.

Di nakikipag-away sa kapwa bata,
At di gumagamit salitang masagwa.
Sa pagsasalita'y laging mahinahon,

***Rubrics para sa Maikling Dula-dulaan***

| | 20 | 15 | 10 | 5 |
|---|---|---|---|---|
| Kasanayan 20 | Sauladong-saulado ang mga linyang binitiwan. | May iilang linyang nakalimutan ngunit nakakasabay pa rin sa usapan. | Maraming linya ang nakalimutan at di gaanong nakakasabay sa takbo ng usapan. | Iilan lamang ang nasaulo at halos nawawala sa usapan. |
| Tono at boses 15 | Madamdaming-madamdamin ang paglalahad at malakas ang boses. 15 | Madamdamin ang paglalahad ngunit medyo hindi malakas ang boses. 10 | Kulang sa damdamin ang paglalahad ngunit medyo di malakas ang boses. 5 | Matamlay,walang damdamin ang paglalahad at mahina ang boses. 1 |
| Ekspresyon ng mukha 15 | Makahugang – makahulugan ang pagpapakita ng damdamin. | Di gaanong nabigyang kahulugan ang damdamin. | Kulang na kulang ang pagbibigay kahulugan sa damdamin. | Walang damd aming nabigyang kahulugan . |

Gawin mo
Basahin at tukuyin kung anong uri ng pang-abay ang may salungguhit sa pangungusap sa ibaba.
1.Mainit ang ulo ng hepe kahit na mainit na tinanggap ang kaniyang talumpati.
2.Nang dumating ang mga Malayo,binili ba nila ang baybay-dagat?
3. Maingat na sumulat sa notebook si Cedrhix.
4. Naliligo ang bata araw-araw.

5.Mahusay magtalumpati si G. Cruz.

Ano ang ibig sabihin ng hinuha?
Ang hinuha ay haka, suspetsa o hula.
Pagbibigay – hinuha sa mga pangyayari
Gamitin ang dating kaalaman o mga pahayag sa pagbibigayhinuha
sa nga pangyayari sa binasa. Magagawa mo ito kung magiging mapanuri ka sa pagbabasa. Itanong sa sarili kung bakit
ganoon ang pahayag o pangyayari at kung ano ang inaakalang
dahilan.
Gawin Natin
Ibigay ang iyong hinuha sa mga sumusunod na pangyayari:
1. Nanatili sa Maynila sina Mang Ramon. Pinipilit nilang pagkasyahin ang kaunting kinikita ni Mang Ramon. Ayaw kasi ng mga anak n'ya na mamuhay sa bukid.
2. Natakot ang mag-anak ni Mang Ramon sa maaaring gawin ng mga engkantada. Inilipat ang bahay nila sa malayu-layo
sa gulod. Ang nalimutan nila ay ang pagdarasal at pagtawag
sa Panginoong Diyos.
3. Kinaumagahan, lingid sa kaalaman ng ama't ina ay pinuntahan nina Nestor at Eric ang mahiwagang gulod.
4. Nabalitaan ni Mang Ramon na kapag kaiibiganin niya ang mga duwende, maaari siyang bigyan ng mga ginto at kayamanan. Kaya tuwing dapit-hapon ay pumupunta siya sa
gulod at lagi siyang nagdadala roon ng pagkain.
5. May nakitang umbok ng lupa sa malapit na pitak palayan

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | ang mga tao. Hindi nila tinitibag ang lupa kasi bahay daw iyon ng nuno ng punso. Ngunit ang sabi ng isang batang nag-aaral sa hayskul, "Bahay po ng anay iyan." Pagkatapos tinibag ng mag-aaral ang umbok ng lupa. |
| **F. Paglinang ng Kabihasaan ( tungo sa Formative Assessment )** | | | Isulat sa patlang kung pang-uri o pang-abay ang salitang may salungguhit.<br>________1.Maganda si Bb. Flores.<br>________2. Tunay na masaya ako.<br>________3. Mabagal magbasa ang bata.<br>________4. Manonood nang mag-isa ang bata ng telebisyon.<br>________5. Sadyang komikero si Raul. | | |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | Pagyamanin Natin<br>Ang sumusunod ay mga kahulugan ng kilos, gawi at pananalita. Bigyan ang mga ito ng mga halimbawa.<br>1. Masayahin<br>2. Mapagmahal<br>3. Masunurin<br>4. Marahas<br>5. Malumanay |  | Gumuhit ng mga larawan ng bagay, hayop, tanawin na gusto mong iguhit. Isulat ang pang-uri o pang-abay na panlarawan na maiuugnay sa mga ginuhit. | Panuto: Dugtungan ang sumusunod na mga pangungusap upang mabuo ang pangyayari. Piliin ang wastong sagot sa talaan sa ibaba.<br><br>Malapit na naman ang _________________. Iba't- ibang _______________ ng __________ ang makikita sa paligid. Tatanggap ng ______ ang halos lahat ng mga manggagawa. Bakas sa mukha ng bawat isa ang _______________ sa muli nilang ____________. Masayang-masaya ang mga bata sa natanggap na ____________.<br><br>Kapaskuhan sagisag<br>Pasko<br><br>pagtitipun-tipon<br><br>kasiyahan bonus<br>aginaldo | Ibigay ang iyong hinuha sa mga sumusunod na pangyayari:<br>1. Kaarawan ni Lola Sion. Nagsimba siya nang maaga at naghanda ng kaunti. Ngunit tanghali na wala pa ring nagsisidating sa kanyang mga apo. Nagpasya na lamang siyang magpahinga. Tulog na siya nang dumating ang mga apo at inihanda ang pagsasaluhang pagkain at mga regalo<br>2. Katatanggap lang ng sahod ni Roy kaya masaya siyang umuwi nang gabing iyon. Habang naglalakad siya patungo sa himpilan ng mga sasakyan may lalaking bumangga sa kanya. |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | Tandaan Natin<br>Tandaan mo na ang kilos, gawi at pananalita ng isang tauhan sa kwento ay maaaring masabi mong masayahin, malungkutin, maayos, magulo, mabuti, masama, malumanay, marahas, at ba pa ayon sa ipinahihiwatig nito sa kwento. | Sa anong paraan maipapakita ang pagiging magalang? | Ano ang pagkakaiba nag pang-abay at pang-uri? | Sa pagbasa ng kwento kinakailangang bigyan ng kahulugan ang mga salitang pamilyar at di- pamilyar. | ® Ang hinuha ay haka, suspetsa o hula.<br>® Gamitin ang dating kaalaman sa pagbibigay-hinuha sa mga pangyayari sa binasa. Magagawa mo ito kung magiging mapanuri ka sa pagbabasa .Itanong sa sarili kung bakit |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Upang mabigyang kahulugan ang kilos, gawi at pananalita<br>ng tauhan sa kwento, kailangan mo ang masusing pag-uunawa<br>sa iyong binasa. | | | | ganoon ang pahayag o pangyayari at kung ano ang<br>inaakalang dahilan. |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Basahin at unawain ang bawat kilos, gawi at pananalita ng mga sumusunod na tauhan at piliin ang maaaring kahulugan nito.<br>1. Kawawa ka naman. May tinik palang nakabaon sa paa mo.<br>a. mapagmalaki b. mayabang c. maawain<br>2. Pinunit niya ang kanyang kamisadentro at ginawang bendahe.<br>a. walang mudo b. maparaan c. bulagsak<br>3. Nakatingin lamang ang leon na parang nagmamakaawa.<br>a. maamo b. mabangis c. gutom<br>4. Mabuti pa kaya ihinto na natin ang paghahanap. Wala siguro<br>dito ang aliping iyon.<br>a. sumusuko kaagad b. tamad c. matalino<br>5. Hindi! Kabilin-bilinan ng Emperador na hulihin ang alipin.<br>Hanggang hindi natin siya makikita, hindi tayo hihinto.<br>a. determinado b. mayabang c. mahusay | Matapos nating mapagaralan ang mga magagalang na pananalita. Paano mo maipapakita ang magalang na pananalita sa pagsasabi ng ideya sa isang isyu. | Bilugan ang salitang panlarawan at tukuyin sa kahon kung pang-uri o pang-abay.<br>1. Sariwa ang mga gulay at bungangkahoy na tinda ninyo.<br>2. Ang nayon ay matiwasay noon pa man.<br>3. Bihasang magtrabaho ang mga manggagawa.<br>4. Si Lloyd ay maagang kumikilos tuwing umaga.<br>5. Tuwid ang buhok ni Rhein. | | **30,000 TEXTILE WORKERS MAWAWALAN NG TRABAHO**<br>Ibinunyag kahapon ng dating Kalihim ng Paggawa at Pageempleyo Leonardo Quisumbing na aabot sa 30,000 manggagawa sa mga pabrika ng tela ang namimingit mawalan na trabaho dahil sa pagbaba ng produksyon at pagsasara ng ilang textile mills.<br>Dahil dito, sinabi ng dating Kalihim sa isang pulongbalitaan sa Malacañang na maglulunsad ng training program<br>ang Kagawaran ng Paggawa at Paghahanapbuhay upang ihanda sa iba't ibang uri ng trabaho ang matatangggal na mga manggagawa. Ipinaliwanag ng dating Kalihim na ang mga pabrika ng tela sa bansa ay hindi na makakahabol sa mga katunggali nila sa ibang bansa tulad ng Malaysia na gumagamit ng mga modernong kagamitan (AFTA) at dito kasali ang Pilipinas. Nagbababala pa ang dating Kalihim na posibleng maapektuhan ang ibang industriya sa bansa dahil sa pagpapatupad ng AFTA. Ayon sa kanya, isa sa mga pabrika ng tela na nagsimula nang magbawas ng produksyon ay ang U/tex na nagpaabot na ng abiso sa kagawaran na magsasara na ang pabrika. Sinabi ng dating Kalihim na ang Pilipinas ay napagiwanan na ng Malaysia at Timog Korea gayong ilang taon lamang ang nakalilipas ay pumapanghuli sa Pilipinas. Ibinunyag din ng dating Kalihim na gagawa ng |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | pagsisiyasat ang Kagawaran ng Paggawa at Pag-eempleyo sa pagawaan sa bansa upang alamin kung alin-alin ang hindi sumusunod sa itinakda nitong patakaran.<br>1. Nanganganib ang mga trabaho ng mga manggagawang Pilipino.<br>2. Kung mawawalan ng trabaho ang mga manggagawa<br>3. Kung hindi makakahabol sa galing ng paggawa ang Pilipinas sa Malaysia.<br>4. Kung magkakaroon ng malayang pakikipagkalakalan sa Southeast Asia.<br>5. Patuloy na magpapahuli ang Pilipinas sa mga karatig-bansa sa ekonomiya. |
| **J. Karagdagang Gawain para sa takdang aralin at remediation** | | | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang Gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |